

Gabriel F. Fabella: Talambuhay at Pamana ng Tinaguriang “Ama ng Hunyo 12,” 1898-1982¹

KRISTOFFER R. ESQUEJO

Taong 1962 nang nilagdaan ni Pangulong Diosdado Macapagal ang Proklamasyon Blg. 28 na nagbigay-daan sa pagpapalit ng araw ng kasarinlan ng Pilipinas mula Hulyo 4 tungong Hunyo 12. Ang ganitong makabansang hakbang ng dating pangulo ay itinuring ng marami bilang paggiit sa soberanya ng ating bansa sa pagbabalik sa orihinal na petsa na idineklara si Heneral Emilio Aguinaldo, pangulo ng pinakamatandang republika sa Asya, na noo'y buhay pa. Samakatuwid, kinilala ang pangyayaring ito bilang isang radikal na pagtatangka natin na kumawala sa pagiging neo-kolonya ng Estados Unidos, ang dati nating mananakop. Gayunpaman, isang nakakalungkot na katotohanang tila hindi nabigyan ng lubos na pagkilala at halos nalilimot na ang totoong indibidwal na siyang may orihinal na pakana sa pagsasabatas na ito - si Prop. Gabriel F. Fabella, ang tinaguriang 'Ama ng Hunyo 12.' Sino ba si Fabella? Higit pa sa pagiging historyador at guro ng Unibersidad ng Pilipinas, siya rin ay naging mandudula, mamamahayag, abugado, pulitiko, tagapagtatag ng ilang samahan at mga paaralan, manunulat at Rizalista. Bagama't produkto ng edukasyong kolonyal ng mga Amerikano, siya ay isang halimbawa ng isang natatanging indibidwal na matagumpay na bumangon mula sa kahirapan at nagdulot ng ibayong mga ambag at dangal sa kanyang mga kababayang Pilipino, laluna sa mga taga-Romblon. Ang papel na ito ay isang pagtatampok sa talambuhay at mga pamana ni Fabella sa bansa. Bilang paggunita sa limampung taong anibersaryo ng nabanggit na kaganapan, susubukan ng papel na ito na patunayang hindi lamang nag-aaral, nagtuturo at nagsusulat ng kasaysayan ang isang historyador. May kapangyarihan din siyang lumikha at magdulot ng kasaysayan na may pakinabang sa antas pambansa.

Kristoffer R. Esquejo, Dept. of History, College of Social Sciences and Philosophy, University of the Philippines Diliman. Email: kris_esquejo@yahoo.com



GABRIEL F. FABELLA

In 1962, President Diosdado Macapagal signed Proclamation No. 28 which enacted the changing of Philippine Independence Day from July 4 to June 12. This nationalist gesture of the said former president was interpreted by many as an assertion of Philippine sovereignty by going back to the original date of independence declared by General Emilio Aguinaldo, president of the oldest Asian republic, who was still alive at that time. In a broader scope, this was seen as a radical attempt of our nation to break free from being a neo-colony of the United States, our former colonial master. However, it is a saddening fact that the real person who had the original idea behind this legislation seemed not given sufficient credit and almost forgotten – Prof. Gabriel F. Fabella, dubbed as “Father of June 12.” Who is Fabella? More than a historian and an academician at the University of the Philippines, he was also a playwright, journalist, lawyer, politician, founder of several organizations and schools, writer and Rizalist. Though a product of American colonial education, he is an example of an ideal individual who succeeded in rising from poverty and gave immense contributions and honor to his Filipino countrymen, especially to the people of Romblon. This paper seeks to highlight the life and legacies of Fabella to the country. In commemorating the 50th anniversary of the said event, this paper will try to prove that a historian does not only study, teach and write history. He or she also possesses the power to make or produce history of national significance.

Tunay na nakakalungkot tanggapin ang katotohanang isa ang kasaysayan sa mga asignaturang kinaiinisang pag-aralan at ayaw din pasukin bilang propesyon sa hanay ng kasalukuyang henerasyon.² Bunga ito marahil ng haka-haka na hindi na napapanahon ang pag-aaral ng ating pinagsaluhang nakaraan, at mababa lamang ang sahod ng mga iskolar na nagpapakadalubhasa sa disiplina ng ito. Gayunpaman, mainam mabatid na marami tayong historyador na mga Pilipino, yumao man o buhay pa, na nakapagdulot ng malaking ambag sa pagtuturo, pananaliksik, pagsusulat at paglalathala bilang iba't ibang anyo ng pagtataguyod ng Kasaysayan ng Pilipinas sa nakaraang isang siglo.

Bagama't pawang yumao na, sinu-sino ba ang mga napabantog na mga Pilipinong historyador sa ating bansa? Maisasama sa hanay na ito ang mga pangalang pawang nahubog at naging tagapagturo sa Unibersidad ng Pilipinas gaya nina Encarnacion Alzona³ (1895-2001), ang unang babaing Pilipinong nakapagtamo ng digring doktorado sa pilosopiya, Nicolas Zafra (1892-1979) at Guadalupe Fores-Ganzon (1908-1985), pawang naging Tagapangulo ng Departamento ng Kasaysayan, Gregorio Zaide (1907-1986) at Teodoro Agoncillo (1912-1985), parehong nakilala dahil sa pagiging may-akda ng ilang teksbuk pangkasaysayan sa antas sekundarya at kolehiyo. Dagdag pa sa henerasyong ito ay isa pang historyador na hindi lamang guro at manunulat ng kasaysayan, kundi ilang ulit ding lumikha ng kasaysayan sa antas panlalawigan at pambansa – si Gabriel F. Fabella.

Sino ba si Fabella? Isinulat ilang taon pagkatapos ng kanyang kamatayan, ganito ang positibong paglalarawan sa kanya ng *Philippine Science Encyclopedia*:

Si Gabriel F. Fabella Sr. (1898-1982) ay isang magaling na guro at matiyagang tagapagsanay ng mga may potensyal na maging historyador; isang mahusay na tagapag-organisa at masiglang lider; isang walang-kapagurang tagapagtaguyod ng kamalayang pangkasaysayan at epektibong pagtuturo ng disiplina, lalo na ng kasaysayan ng Pilipinas; isang manunulat tungkol kina Rizal, del Pilar, Pelaez, Burgos, Aguinaldo, Bonifacio, Quezon at Osmeña; at ang kinikilalang “Ama ng Hunyo 12” (Salin ng manunulat; Arcellana, 1986, pp. 63-64).

Gayunpaman, hindi sapat ang nakasulat sa itaas para lagumin ang makulay na buhay at mga naging pamana ng tinaguriang “Ama ng Hunyo 12.” Nilalayan ng papel na ito na ilahad ang kanyang talambuhay sa mas detalyadong paraan

kung saan, maliban sa pagiging historyador, kakikitaan din ito ng apat pang natatanging katangiang nagpatampok sa kanya mula sa iba niyang kapanahunang historyador – lider Romblomanon, guro, Rizalista at nasyonalista.

PINAGMULAN AT KABATAAN

Ipinanganak sa Banton, Romblon noong ika-18 ng Marso 1898, si Gabriel F. Fabella ay pansampu sa labintatlong magkakapatid. Bago pa siya maipanganak, dalawa sa kanyang mga nakatatandang kapatid ay lumuwas na sa Maynila upang maghanapbuhay habang ang ilan ay maagang nangamatay sa sakit at ang iba ay maagang nagsipag-asawa (Fabella, 1998, pp. 1-3).⁴ Ang kanyang mga magulang ay sina Maximo Fabella, isang tagalako ng niyog at tabako sa mga karatig isla, at Rafaela Fabrero, isang karaniwang maybahay (Ancheta, 1962, p. 6).

Sa kanyang sinulat na talambuhay na may orihinal na pamagat na “My Own Record,” ganito niya inilarawan ang kanyang mga magulang:

Ang aking ama, si Maximo, ay isang karaniwang Pilipino ng kanyang panahon. Nagmula siya sa isang napakahirap na pamilya ng labing-isa at hindi man lamang nagkaroon ng pagkakataong makapag-aral. Natuto siyang makapagbasa at makapagsulat, subalit karamihan sa kanyang mga kapatid ay hindi. Hindi maganda ang sulat ng kanyang kamay at hindi niya lubos na maipahayag ang kanyang sarili sa papel. Mas mahusay ang aking ina. Siya ang nagturo sa akin ng alpabeto habang humahabi siya ng telang sinamay o nagpapaikot ng sinulid para sa lumang habihan. Katunayan, itinuturing na mapalad ang aking ama dahil napangasawa niya ang aking ina, isang bugtong na anak, dahil napabuti nito ang kanyang kalagayang panlipunan. Anuman ang kakulangan ng aking ama sa edukasyon, gumagamit naman siya ng praktikal na talino. Katunayan, isa siyang taong napakarunong kung karanasan sa buhay ang pag-uusapan (Salin ng manunulat; Fabella, 1998, p. 1).

Ang lalawigan ng Romblon ay isang pangkat ng mga pulo na matatagpuan sa pinakagitna ng kapuluang Pilipinas. May lokasyong nasa timog ng Marinduque, kanluran ng Masbate, silangan ng Mindoro at hilaga ng Panay, binubuo ito ng tatlong pangunahing pulo: Tablas, Romblon at Sibuyan, at labimpito pang maliliit na pulo kasama ang Banton (Lancion, 1995, pp. 136-

137).⁵ Nasa bahaging hilagang-kanluran ng lalawigang kapuluan, ang Banton ay kilala bilang pinakamatandang *pueblo* ng Romblon na naitatag noong 1622 at isang pulong ang pangalan ay nagmula umano sa bernakular na katagang “Batoon,” ibig sabihí’y mabato at magaspang na pulo. Dahil sa ganitong topograpiya ng pulo, ang mga Bantoanon ay karaniwang mahihirap dahil sa pagtitiis sa limitadong pinagkukunang-yaman. Ngunit sa kabila ng katotohanang ito, nagtiis at nagsikap sila kung kaya sa dakong huli ay isa ito sa mga bayang nagtataglay ng pinakamaraming bilang ng propesyonal sa iba’t-ibang larangan sa buong Romblon (Fabella, 1976, pp. 1-3).

Para kay Ildefonso Musico, isang katangi-tanging pulo ang Banton:

Limitado sa lawak ng lugar kung pag-uusapan ang anyo, kinakailangan niyang (Banton) pigain ang bawat patak ng buhay mula sa bawat kwadrado pulgada ng kanyang lupaing matatamnan. Nakabukod mula sa daigdig, kailangan niyang kumilos gaya ng isang pulo. Sa kabila ng lahat ng sagabal sa kanyang pag-unlad, kailangan niyang pasanin ang kanyang mga pasakit gaya ng paghihintay para sa pagdating ng magandang panahon. Subalit ang mga tuntunin sa mga aklat ay nasa kanya na. Noong unang panahon, natutunan niya ang pabula ng masipag na langgam. Nabatid niya ang mga bunga ng walang katapusang pagpatak ng tubig sa bato. Napahanga siya sa kwento ni Job sa Bibliya...(Salin ng manunulat; Fabella, 1976, p. 4).

Sa kanyang malaking pamilya, kilala siya sa palayaw na Ambe. Bagama’t mahirap, maaga siyang nakitaan ng potensyal na talino. Lalo pa itong napatingkad dahil sa dalawang insidenteng naganap sa kanyang kabataan. Noong una, ang kanyang nakakatandang kapatid na si Bruno ang itinuturing na pinakamatalino sa kanilang magkakapatid kung kaya’t ito ang maagang paborito ng kanilang ama at mga guro sa paaralan. Nang biglaang mamatay si Bruno sa sakit na *small pox*, ikinabigla at pinanghinayangan ito ng marami. Dahil dito, si Ambe ang pumalit na pag-asa ng kanyang mga magulang sa pamamagitan ng pagpapa-aral sa kanya. Noong una, ayaw tanggapin ng kanyang ama na mas matalino siya sa namatay na kapatid kung kaya’t ipinangako niya sa kanyang sarili na ipapakita niyang higit siyang mahusay dito (Fabella, 1998, p. 2).

Maliban sa nabanggit, may isa pang insidente sa buhay ni Ambe na natanim sa kanyang musmos na isip. Nang minsang sumama siya sa kanyang ama sa

Macalelon, Tayabas (ngayon ay lalawigan ng Quezon), isang mala-propetang lalake ang nagpayo sa kanyang ama ng ganito, “Kabesa Imong, bigyan mo ng pagkakataong makapag-aral ang bata. Magiging dakilang tao siya sa hinaharap.” Narinig at naunawaan ito ni Ambe sa wikang Tagalog, lalo’t maaga siyang natutong magbasa ng ‘pasyong Tagalog’ (Ancheta, 1962, p. 7). Katunayan, nakakapagbasa at nakakapagsaulo na rin siya ng ‘cartilla,’ ‘trisagio,’ ‘misterio’ at ‘novená’ sa gulang na pito (Fabella, 1998, p. 2).

PRODUKTO NG PAMPUBLIKONG EDUKASYON

Bagama’t galing sa mahirap na pamilya at may kaliitan ang pangangatawan, ang batang Fabella ay unti-unting naitampok sa kanyang mga mag-aaral at kababayan. Sa pamamagitan ng maliit na suportang pinansiyal galing sa kanyang pamilya, determinasyon at sariling pagtatrabaho, nairaos niya ang kanyang edukasyon mula primarya hanggang kolehiyo.

Sa gulang na walo, nagsimulang mag-aral si Ambe sa *Banton Primary School* sa paggabay ng kanyang gurong si Mateo Meñez. Dito niya naipakita ang kanyang natatanging talino sa isang pagsusulit kung kaya siya ay naitaas mula ikatlo tungong ikaapat na baitang. Nang mapahanga si Meñez sa natatanging husay ng mag-aaral, kanyang hinimok ang mga magulang ni Ambe na ipadala ito sa kabisera ng lalawigan upang ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral (Fabella, 1998, pp. 2-5).

Ang unang taon ni Ambe sa *Romblon Intermediate School* sa Romblon, Romblon ay may kahirapan. Nagtitiis siyang pagkasyahin ang kakarampot na baong P3 hanggang P4 mula sa Banton buwan-buwan. Siya mismo ang nagluluto ng sariling pagkain, nag-iipon ng panggatong at nag-iigib ng tubig. Papasok na siya sa ikaanim na baytang nang mamasukan siya bilang katulong ni Sebastian Uy Quiling, isang negosyanteng Tsino sa kabisera. Sa tulong ni Ambe, umasenso at napabantog ang tindahan ng dayuhan sa maraming Romblomanon kung kaya’t sa loob lamang ng isang taon, dumoble ang kabuhayan nito. Dalawang taon din ang iginugol niya sa paninilbihan sa tahanan ng Tsino (Fabella, 1998, p. 13).

Matapos nito, pananalapi muli ang kinaharap na suliranin ng pamilya ni Ambe. Bagama’t pinakamalapit na mataas na paaralan ay nasa Capiz⁶, inisip nilang hindi kakayaning matustusan ang kanyang magiging gastusin doon. Sa dakong huli, nagdesisyon silang sa Maynila na lang pag-aralin si Ambe sa

tulong ng kanyang mga kapatid na sina Apolonio at Jorge, pawang naghahapbuhay bilang mga kutsero sa Maynila (Fabella, 1998, p. 15).

Dahil nasa Intramuros ang kanilang inuupahang bahay, sa *Manila High School*⁷ piniling mag-aral ni Fabella. Upang makatulong sa arawang kitang P1.20 ng isang kapatid, naghahanapbuhay siya sa pagbebenta ng dyaryo tuwing Biyernes at Sabado at nagtutungo sa *Parian Gate* ng Intramuros upang doon ay maglinis ng mga sapatos. Tumutulong din siya sa pagdadala ng rasyong pagkaing ibinebenta naman ng kanyang hipag sa mga drayber ng *Port Area*. Upang makatipid, nililuto lamang niya ang kanyang pagkain, ibinabalot ito sa dahon ng saging at papel, at inilalagay sa bulsa patungong paaralan (Fabella, 1998, p. 21).

Matapos ang apat a taon, matagumpay na nakapagtapos si Fabella ng sekundarya (1912-1916). Dagdag pa rito, ang kanyang klaseng kinabibilangan na nagtapos noong 1916 sa *Manila High School* ay hindi pangkaraniwan dahil binubuo ito ng maraming indibidwal na naging prominente sa kalaunan. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod: Julio Nalundasan, naging Kinatawan ng Ilocos Norte; Antonio de Leon, naging Dekano ng *UP Cebu Junior College*; Mauro Mendez, naging Embahador sa Hapon; Amando Velilla; nanguna sa eksamen ng abugasya; Fausto Gonzales, naging Kinatawan ng Pampanga; Andres Bolinas, naging mayamang kontraktor; Saturnino Mendinueto, naging Direktor ng *Bureau of Commerce*; Juan S. Reyes, naging Kinatawan at Gobernador ng Sorsogon; Jose S. Reyes, naging Dekano sa UP at *Executive Secretary* kay Pangulong Osmeña; Calixto Duque, naging Hepe ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas; Antonio Ejercito, naging bantog na *malarialogist*; Eustaquio Balagtas, direktor ng *Bureau of Prisons*; Dolores Borja, naging Propesor ng *chemistry* sa UP; Valentina Bernardo, naging Tagapamahala ng *Welfareville*. Pinakamatagumpay sa lahat ng ito si Carlos P. Romulo, naging Pangulo ng *United Nations Assembly*, Embahador sa Estados Unidos at Pangulo ng UP nang tuluyang magretiro si Fabella noong 1963 (Ancheta, 1962, pp. 7-8).

TUNGO SA PAGIGING GANAP NA GURO

Bagama't ang orihinal na pangarap ni Fabella ay makatapos ng kolehiyo, humantong siya sa yugto kung kailan kailangan niya munang maging guro at makaipon muli bago balikan ang nasimulan. Ito ay naganap nang sumabak siya

sa kanyang unang karanasan bilang guro matapos mag-aral ng sekundarya at naulit pa kalaunan.

Pagtuturo sa elementarya ang naging unang karanasan ni Fabella bilang guro ng *Capiz Intermediate School* mula Hunyo 1916 hanggang Marso 1917. Matapos makapag-ipon ng sapat na pera mula sa buwanang sahod na P40 sa pagtuturo, muli siyang lumuwas sa Maynila upang kumuha ng kurso sa pagtuturo. Tinangka niyang mag-aral sa *Philippine Normal School*⁸ subalit sa payo ng mga kaibigan, agad siyang lumipat matapos ang isang linggo sa *University of the Philippines*, noon ay nasa Padre Faura, at agad na nagpatala sa ilalim ng *School of Education* kung saan libre din naman ang pag-aaral (Fabella, 1998, pp. 22-23).

Bagaman hindi nakakuha ng anumang karangalan, nagbunga din ang pagiging masinop at mapagtiis ni Fabella sa pag-aaral sa UP. Sa loob lamang ng tatlong taon, tatlong kurso ang kanyang natapos. Ito ay ang mga sumusunod: *Bachelor of Arts* (A.B.), *Bachelor of Science in Education* (B.S.E.) at *High School Teachers' Certificate* (H.S.T.C.). Sa mismong araw ng pagtatapos, tatlong beses siyang umakyat ng entablado na umani ng pinsan mula kay Ignacio Villamor, noo'y Pangulo ng UP. Mula 1920, siya ang pinakaunang nagtapos ng sekundarya gayundin ng tatlong nabanggit na kurso mula sa Banton. Nang matapos niya ang digring *Master of Arts in History* noong 1931 at maipasa ang eksamen sa abugasya noong 1934, siya din ang pinakaunang Bantoanon na nagtapos ng Masterado at naging abugado pa noong dakong huli (Fabella, 1998, p. 25).

Matapos matamo ang tatlong digri, nakapagturo ulit si Fabella sa dalawa pang mataas na paaralan mula 1920 hanggang 1923. Ginugol niya ang unang dalawang taon ng pagtuturo sa *Romblon High School*, sa Romblon, Romblon hanggang sa malipat at makapagturo ng isang taon sa *Tayabas High School* sa Lucena, Quezon. Sa panahong ito ay napangasawa niya si Asuncion Guerra at nagsimulang magtaguyod ng pamilya (Fabella, 1998, pp. 26-30).⁹

Pumanaw ang unang maybahay ni Fabella noong Oktubre 29, 1923. Gayunpaman, sumang-ayon na ito sa kanyang desisyon na tanggapin na ang pangatlong alok ni Dr. Fernandez na maging Instruktor sa Departamento ng Kasaysayan ng UP. Ang mga naunang alok ay kanyang magalang na tinanggihan dahil sa kababaan ng sahod na hindi makasasapat sa kanyang lumalaking pamilya. Sa paglipat niya sa UP, nakumbinsi siyang bagaman kikita lamang

siya ng P125 buwan-buwan ay may pagkakataon siyang makapagpatuloy ng pag-aaral habang nagtuturo. Sa kabila ng maliit na sahod, naniniwala siyang ang kanyang panananatili sa pamantasan ay dahil sa kanyang pag-ibig at katapatan sa kanyang paaralang pinagtapusan, habang kumikita din siya sa pagtuturo sa iba pang kolehiyo sa Maynila (Fabella, 1998, pp. 30-31).

Tumagal ng 11 taon ang unang panunungkulan ni Fabella bilang Instruktor sa UP Departamento ng Kasaysayan. Nang pumasok siya noong 1923, si Dr. Leandro Fernandez na ang Tagapangulo at pawang mga Pilipino na rin ang bumubuo sa kaguruan gaya nina Dr. Alzona, Dr. Tomas Fonacier, Dr. Zaide, Dr. Paterno Santos, Prop. Zafra, at Prop. Jose Pistos.¹⁰

Bunga ng kaganapang pandaigdig sa aspektong pangkabuhayan na tinawag na “Great Depression” at nadama din sa Pilipinas simula 1929, nagkaroon ng pagtitipid sa badyet ng UP at isa si Fabella sa mga kasapi ng kaguruan na natanggal noong 1934. Hindi niya ito itinuring na isang malungkot na pangyayari dahil kasabay ng kanyang pagkakatanggal ang mabuting balita ng kanyang pagkapasa sa eksamen ng abugasya. Subalit di katulad nina Alzona, Pistos, at Zaide, mapalad siyang nakabalik muli sa departamento ng dalawa pang ulit. Ang una ay noong 1938 bilang *Assistant Professor* matapos ang kanyang maikling karerang pampulitika habang ang ikalawa ay noong 1946 bilang *Associate Professor* matapos naman ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig (Fabella, 1998, pp. 33-35) .

Hindi itinatangi ni Prop. Fabella na isa siyang “terror professor” sa UP. May pag-amin siyang higit pa siyang malala sa ibang guro sa dami ng kanyang ibinagsak na mga estudyante. Isinisi niya ito sa pagbaba ng kalidad ng edukasyon sa bansa noong panahong iyon. Minsan ay pinadalhan siya ng isang sulat ng pagtuya na ganito ang sinasabi: “Isa ka sigurong mahusay na pulitiko, subalit isa ka namang napakabagsik na propesor.” Maging si Senador Lorenzo Tañada na naging guro niya sa batas ay nagpahayag sa kanilang klase ng ganito: “Alam ninyo mga ginoo, isa sa pinakamahigpit na propesor ng UP si G. Fabella. Tunay siyang kinatatakutan ng mga estudyante” (Fabella, 1998, p. 100).

Gayunpaman, maraming dating estudyante si Prop. Fabella ang naging pawang matatagumpay sa kani-kanilang larangan. Para kay Dr. Gloria M. Santos, dating *executive director* ng *Philippine Historical Association* (PHA), namumukod-tangi si dating Pangulong Ferdinand E. Marcos sa lahat ng naging

estudyante ng una. Saksi siya sa pagmamahal at paggalang ng dating pangulo sa kanyang dating propesor. Makikita din ito sa ibayong suportang iginawad ng yumaong diktador sa mga gawain at programa ng nasabing samahang pangkasaysayan.¹¹

Katunayan, may ilang ulit na pagbanggit si Marcos kay Fabella sa kanyang mga talumpati. Isa rito ay ang paglalahad ng dating pangulo ng kanyang naging mahirap na karanasan bilang estudyante sa ilalim ng isang “terror professor” noong Nobyembre 29, 1967:

Marahil hindi ninyo mauunawaan ang kabalintunaan ng sitwasyon. Halimbawa, si Propesor Fabella, ang retiradong pangulo (PHA), ay madalas ako noong pag-aralin ng magdamagan. Kinasanayan niyang bigyan ako ng isang buong tomo araw-araw, laluna ako. *Hindi ko alam kung bakit niya ako pinili, subalit inakala kong alam niyang naghahanda ako sa pagka-Pangulo.* Subalit palagi siyang nagbibigay ng panayam sa amin at pinapaupo niya ako doon, kahit alam niyang alam ko ang lahat ng sagot...Kaya ngayon, mayroon akong masayang pribilehiyo na siya naman ang umupo at makinig sa akin habang ako ay nagtatalumpati. At ninanamnam ko ang saglit na ito at ang pagkakataong ito (Salin at diin ng manunulat; Marcos, 1967, p. 345).

Ang huling mga taon ni Prop. Fabella sa UP ay naging makulay at puno ng mga makabuluhang karanasan. Taong 1957, naitaas siya sa ranggong *Full Professor*. Noong Abril 1958, nahirang siya bilang Tagapangulo ng Departamento ng Kasaysayan. Makalipas lamang ang dalawang buwan, humawak din siya ng katungkulang *Acting Director* ng UP Extension sa Clark Air Base, Pampanga. Sabay niya itong iniwan noong 1960 upang bumalik sa pagtuturo. Noong 1963, tuluyan na siyang nagretiro sa UP sa gulang na 65 (Ancheta, 1962, p. 17).

Bilang guro sa loob ng kulang-kulang apat na deka, maibubuod sa ganito ang kanyang pananaw sa pagtuturo:

Para umasenso sa buhay ang isang tao, malinaw na dapat siyang nagagalak sa uri ng kanyang hanapbuhay. Sa aking desisyong ibuhos ang buhay sa pagtuturo, hindi na ako umalis dito. Lahat ng iba kong ginawa at gagawin pa ay mapupunta lamang sa walang kabuluhan kung ihahambing sa aking misyon ng pagtuturo sa kabataan – upang ihanda sila sa aktibong pakikilahok sa totoong buhay (Salin ng manunulat; Fabella, 1998, p. 122).

KARERA SA PULITIKA

Bilang tubong Banton at taal na Romblomanon, nagpamalas si Fabella ng maraming talento at kakayahang nagdala sa kanya sa larangan ng pulitika. Dito rin papasok ang kanyang mga anyo ng paglilingkod sa lalawigan bilang Kinatawan at tagapagtatag ng ilang paaralan.

Sa gulang na 24, unang nalathala ang pangalan at larawan ni Fabella sa artikulong “Future Predicted for Romblon Playwright” ng pahayagang *Philippines Free Press* noong 1922. Bunga ito ng kanyang kasikatan sa pagsusulat ng mga dula habang nagtuturo sa *Romblon High School*. Ilan sa mga dulang matagumpay na naipalabas sa kapistahan ng kabisera ay ang *Constancy* at *For Better or For Worse*. Dagdag pa rito, nakapagsalin na rin siya ng iba pang dulang sinulat ni William Shakespeare mula wikang Ingles tungong wikang Asi, ang wikang sinasalita ng mga taga-Banton.¹²

Sa parehong taon, umusbong din kay Fabella ang ambisyong pasukin ang daigdig ng pulitika. Bunga ito ng kanyang masigasig na pangangampanya sa isang kandidatong Bantoanon na sa kasamaang-palad ay natalo pa rin sa isang beteranong pulitikong wala pang karanasan ng pagkatalo sa pagka-Kinatawan ng Romblon, si Don Leonardo Festin. Mula noon, ipinangako niya sa sarili na darating ang panahon at siya ang tatalo kay Festin sa isang halalan (Fabella, 1998, p. 36).

Ang pagpasok sa pulitika at paghahanda para rito ay maituturing na isang lihim na pangarap na pinaghirapan nang husto subalit nakamtan ni Fabella. Katunayan, bahagi ng kanyang plano para rito ang pagtanggap niya sa alok na makapagturo sa UP. Lumipas pa ang pitong taon bago siya nagkaroon ng pagkakataong makapag-aral ng abugasya. Inasam niyang maging abugado upang tumupad sa lagapan na paniniwala sa sariling lalawigan na dapat may alam sa batas ang isang Kinatawan (Fabella, 1998, p. 39).

Hindi naging madali ang apat na taong pag-aaral ng batas ni Fabella sa *University of Manila*. Maliban sa mabigat na iskedyul na pagtuturo tuwing umaga at hapon at pag-aaral ng batas sa gabi, muntik nang mapaaga ang pagkatanggal sa kanya sa UP dahil sa hindi niya paghingi ng pahintulot sa pamunuan nito. Nang ipinatawag siya ni Rafael Palma, noon ay Pangulo ng UP, noong mga huling buwan ng 1933, tinanong siya nito kung bakit niya ito ginawa. Bilang

tugon, isiniwalat ni Fabella ang kanyang plano at ganito ang kanyang tugon kay Palma:

Sapagkat Ginoo, nais ko pong sundan ang inyong mga yapak. Nais ko pong pumasok sa pulitika, at maglingkod sa aking mga kababayan gaya ninyo. Kayo ay naging Kinatawan, komisyonado, senador at kalihim ng Interyor, ngayon ay Pangulo ng Unibersidad. Mahal na pangulo, sana ay hindi ninyo ako patalsikin. Ito na ang aking ikaapat na taon sa batas, at umaasang magtatapos sa Marso. Magreretiro po ako sa pamantasan pagkatapos makakuha ng eksamen sa bar. Pakiusap po Ginoo, sana pagbigyan ninyo ako (Salin ng manunulat; Ancheta, 1962, pp. 10-11).

Bagaman labag sa kautusan ng *Board of Regents*, kanyang nakumbinsi si Palma kung kaya pinagbigyan din siya nito. Nang dakong huli, nakatapos ng abugasya at naging ganap na siyang abugado ilang buwan bago ang halalan ng 1935.

Kasabay ng pag-aaral ng abugasya, gumawa rin si Fabella ng iba pang mga paraan para unti-unting maipakilala ang sarili sa mga kababayan. Una, pinasok niya ang daigdig ng pamamahayag sa pamamagitan ng pagiging manunulat ng pahayagang *Iwag it Kaanduan*, ang kauna-unahang pahayagan sa Romblon na itinatag ni Gaudencio Fallarme noong 1918, at pagiging tagapagtatag ng sariling pahayagan na may pangalang *Bag-ong Iwag* noong 1926. Ikalawa, naging aktibong bahagi din siya ng ilang samahang panlalawigan gaya ng *Katipunang Bantoanon* noong 1929, *Romblonian Association* noong 1931, *Banton Uplift Club* at *Romblon Youth* (Ancheta, 1962, pp. 9, 23).

Sa kabila ng kakapusan ng pananalapi at panggigipit ni Festin, kilalang “Dean of the Lower House” at malapit kay Pangulong Manuel L. Quezon, itinuloy ni Fabella ang matagal nang plano. Matagumpay niyang nairaos ang kanyang kampanya sa loob lamang ng 24 araw. Kasama ang ilang kapanalig, kanyang nilibot ang lahat ng bayan sa Romblon. Nang lumabas ang pangkalahatang resulta ng halalan, panalo siya sa pagkakaroon ng kalamangang 356 boto (Fabella, 1998, pp. 50-62).¹³

Ang balita ng tagumpay ni Fabella ay mabilis na kumalat sa Romblon, sa Maynila at sa UP. Naging laman pa ito ng mga pahayagan dahil sa kauna-unahang pagkakataon ay tinalo ng isang baguhang abugado galing sa kahirapan ang isang walang katalu-talong pulitiko at mayamang panginoong maylupa na

naglingkod bilang Kinatawan ng Romblon sa loob ng labinsiyam na taon (1916-1935) (Ancheta, 1962, p. 11).

Nang pasinayaan ang Pamahalaang Komonwelt noong Nobyembre 15, 1935, isa si Fabella sa mga nanumpang bagong halal na opisyal ng pamahalaan. Sa sumunod na tatlong taon sa *National Assembly*, personal niyang inamin ang kabigatan ng pagiging pulitiko lalo't isa siyang baguhan kasama ang malalaking pangalan sa pulitika tulad nina Roxas, Osias at Confesor na pawang kasapi ng naghaharing *Partido Nacionalista*. Gayunpaman, naging kasapi siya sa mga sumusunod na komite: *public instruction, public services, civil service, codes, internal government, privileges at navigation*. Taliwas sa ibang kinatawan, naging prayoridad niya ang edukasyon lalo't 80 bahagdan ng kanyang pondo mula sa *pork barrel* ang napunta sa pagpapatayo ng mga gusaling pampaaralan samantalang ang natitirang 20 bahagdan ay para naman sa pagsasa-ayos ng lansangan sa lalawigan (Fabella, 1998, pp. 69-72).

Pagkatapos ng tatlong taon bilang Kinatawan, napagtanto ni Fabella na hindi siya nababagay na magtagal sa magulo at maruming daigdig ng pulitika. Sa pagpasok dito, hangad lamang niyang wakasan ang monopolyo ni Festin sa kapangyarihan at bigyang-daan ang iba pang lider Romblomanon na gustong makapaglingkod at katawanin din ang sariling mga kababayan. Taong 1938, bumalik siya sa kanyang dating propesyon sa UP na tinawag niyang "unang pag-ibig" (Fabella, 1998, p. 73).

Muli pang nakapaglingkod si Fabella sa kanyang mga kababayang Romblomanon sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga pribadong paaralan sa loob at labas ng sariling lalawigan. Hanggang sa kanyang pagreretiro sa UP, umabot sa pitong paaralan ang kanyang naitatag at naging pagmamay-ari. Ito ay ang mga sumusunod: *Southern Mindoro Academy* (San Jose, Occidental Mindoro) 1945; *Fabella Junior College* (Roxas, Oriental Mindoro) 1945; *Bauan High School* (Bauan, Batangas) 1947; *Tablas Academy* (San Agustin, Romblon) 1948; *Romblon College* (Odiongan, Romblon) 1948; *Banton High School* (Banton, Romblon) 1948; at *Fabella Institute* (San Andres, Romblon) 1962 (Ancheta, 1962, p. 16).¹⁴

Dahil sa lawak ng kanyang interes at kalidad ng kanyang mga tagumpay, si Fabella ay lubos na pinapurihan ni Celedonio Ancheta, ang kanyang unang mananalambuhay, na nagbansag sa kanya bilang pinakadakila sa hanay ng mga matatagumpay na Romblomanon. Katunayan, makikita sa naging

konklusyon ng huli ang pagiging hindi kulong sa panahon at lugar ng isang gaya niya:

Ang ating tiyak na hatol ay marahil nangingibabaw si Fabella sa hanay ng mga dakilang Rombloanon. *Magiging bantog siya sa anumang lalawigan at sa anumang panahon*. Samakatuwid, isang karangalan para sa mabatong pulo ng Banton sa maliit na lalawigan ng Romblon ang makapaglikha ng isang taong may kakayahang gaya ni Fabella. Dapat ipagmalaki ng Romblon ang gaya niyang isang mabunying anak (Salin at diin ng manunulat; Ancheta, 1962, pp. 25-26).

HISTORYADOR AT RIZALISTA

Para kay Fabella, hindi basta-basta ang kahulugan ng pagiging isang historyador. Iginiit niyang hindi maaaring bansagan ng ganito ang sinumang indibidwal dahil lamang marami siyang alam na datos sa kasaysayan. Hindi rin awtomatiko na ang guro ng kasaysayan ay historyador. Para sa mga nagpakadalubhasa sa kursong ito, hindi rin sila kabilang dito kung ang pagsusulat nila ay para lamang kumita at kulong din naman sila sa kanilang ideyolohiyang batay sa pulitika at relihiyon. Para sa kanya, ang historyador ay isang mananaliksik ng katotohanan mula sa nakaraan at tinatawag ding isang siyentipiko. Dagdag pa niya, pangunahing layunin ng historyador na itampok ang katotohanan at pawang katotohanan lamang sa kanyang muling pagbubuo ng nakaraan. Dagdag pa niya, dapat isaalang-alang ang dalawang bagay sa pagsasagawa ng pag-aaral ng nakaraan: una, dapat taglay niya ang isang malawak na pundasyong kultural lalo't ang pag-aaral ng kasaysayan ay may hugpungan sa iba pang disiplina; at pangalawa, dapat may kasanayan siya sa pagsasagawa ng tatlong mahahalagang bagay – ang kaparaanang pangkasaysayan, ang agham ng pananaliksik at ang pagsusulat ng kasaysayan (Fabella, 1960, pp. 3-8).¹⁵

Ang ganitong personal na depinisyon ni Fabella ay mauunawaan dahil sa kanyang mahabang karanasan sa pagsusulat, pagtuturo at pagtataguyod ng kasaysayan. Bilang isang manunulat, nakapag-akda siya ng kulang-kulang isandaang artikulong pangkasaysayan na tumatalakay sa buhay ng mga kilala at tila nakakalimutang bayani at indibidwal, kaganapan o kontrobersiya sa kasaysayan ng Pilipinas. Pawang nalathala ang mga ito sa maraming pahayagan, dyornal at magasin, kung saan karamihan dito ay kanyang personal

na tinipon kasama ang ilang piling talumpati sa isang aklat na pinamagatang *Harvest at Random: A Collection of Articles and Addresses* (1954). Dagdag pa rito, naging may-akda, kasamang may-akda at mangangalap rin siya ng ilang aklat pangkasaysayan.¹⁶

Bilang iskolar, naging responsable din si Fabella sa pagtupad ng isang misyon - ang pagbabalik ng mga pinakaunang kopya ng *microfilms* ng kontrobersiyal na *Taylor's Insurgent Records* sa bansa. Taong 1953 nang una siyang nakapagtungo sa Estados Unidos sa gulang na 55 sa ilalim ng pribilehiyong *sabbatical leave* na may bayad sa loob ng anim na buwan ayon sa *University Code* at pondong kaloob ng *Fulbright Scholarship* (Fabella, 1998, p. 127).

Sa kabutihang-palad, naging madali para kay Fabella ang pagkakakuha ng mga kopya ng nasabing mga dokumento. Sa rekomendasyon ng isa niyang dating mag-aaral na may trabaho sa *US Library of Congress* at ilang kaibigang Amerikano sa *US National Archives*, natupad niya ang kanyang misyon. Muli pa siyang nakapagpagawa ng apat na kopya – tatlo para sa kanya na plano din niyang ipamahagi at isa para kay Prop. Teodoro Agoncillo (Fabella, 1998, p. 141).

Agad naging laman ng balita sa ilang pahayagan ang pag-uwi ni Fabella sa bansa. Sa isang artikulo ni Agoncillo, itinuring niya ang *Taylor's Insurgent Records* bilang pangalawang pinakamahalagang kalipunan ng mga batis pangkasaysayan ng Pilipinas pagkatapos ng 55 tomo ng *The Philippine Islands* nina Emma Blair at James Robertson. Nagtataglay ito ng mahigit 200,000 dokumento mula sa mga rebolusyonaryong Pilipino na sinamsam ng mga sundalong Amerikano noong Digmaang Pilipino-Amerikano. Kalaunan, napunta kay Kapitan John R. M. Taylor ang tungkuling ingatan at dalhin ang mga ito sa Estados Unidos subalit sa kasamaang-palad ay inabot pa ng mahigit 50 taon bago ito muling maibalik sa mga Pilipino. Dahil dito, pinapurihan siya ni Agoncillo:

Isang kahanga-hangang tagumpay ang pag-uwi ni Prop. Gabriel F. Fabella ng *microfilm* ni Taylor sa Pilipinas. Hinangad ng manunulat na ito na magkaroon ng *microfilm set* sa loob ng maraming taon subalit hindi nagtagumpay sa pagkuha ng isa dahil sa mga teknikalidad at iba pang sagabal. Sa pag-uwi nito, binigyan ng pagkakataon ni Propesor Fabella ang mga iskolar na konsultahin ang koleksyon ni Taylor na hindi na kailangan pang magtungo sa Estados Unidos (Salin ng manunulat; Agoncillo, 1954, p. 41).

Bilang likas na lider, hindi rin matatawaran ang dedikasyon at aktibong pakikilahok ni Fabella sa mga samahang pangkasaysayan. Pinakabukod-tangi rito ang kanyang papel na ginampanan sa pagkabuo at pagtataguyod ng PHA. Maliban sa pagiging Pangulong Tagapagtatag nito noong 1955, ilang ulit pa siyang nahalal na Pangulo (1955, 1956, 1957 at 1959) hanggang sa dakong huli ay ginawa siyang *President Emeritus* ng PHA, isang maimpluwensiyang posisyong nahawakan niya hanggang sa kanyang kamatayan (Ancheta, 1962, p. 22).

Sa pangunguna ni Fabella, maraming proyekto ng PHA ang nailunsad at pawang nagtagumpay. Halimbawa nito ay ang mga sumusunod: paggunita ng ika-50 taong anibersaryo ng *Philippine Assembly* noong 1957 kung saan idineklara ni Pangulong Carlos P. Garcia ang Oktubre 16, 1957 bilang pista opisyal sa buong bansa, pagtatatag ng opisyal na dyornal ng samahan na tinawag na *Buletin ng Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas* (kalaunan ay naging *Historical Bulletin*) at resolusyon sa pagpapalit ng pangalan ng *Calle Azcarraga* tungong *Claro M. Recto Avenue* bilang parangal sa yumaong makabansang senador (Fabella, 1998). Maliban sa PHA, nagkaroon din ng aktibong pakikilahok si Fabella sa mga sumusunod na samahan: *American Historical Association*, *Kapatirang Alagad ni Bonifacio* at *International Association of Historians in Asia* (IAHA). Sa huling nabanggit, nagsilbi din siyang *ex-officio* ng *Board of Governors* at isa sa mga tagapagsalita sa pinakauna nitong kumperensiyang idinaos noong 1960 (Fabella, 1998, p. 188).

Gaya ng kanyang mga kapanahunang historyador, si Fabella ay walang pag-aalinlangang maituturing na Rizalista, isang indibidwal na humahanga sa buhay at kaisipan ng pambansang bayani. Bagama't walang tuwirang pag-amin mula sa kanya na isa siyang Rizalista, ang katangiang ito ay litaw na litaw sa kanyang mga talumpati, sulatin at pananaw kay Dr. Jose Rizal.

Una, isang aktibong miyembro ng *Order of Knights of Rizal* na may ranggong *Knight Commander of Rizal* (KCR) si Fabella. Maliban sa inisyatiba niyang ipagtayo ng isang monumento ang bayani sa Banton, aktibo rin siyang nakilahok sa mga gawain ng samahan, pati na rin ang pagpapalano at paghahanda sa mga paggunitang ginawa bilang bahagi ng Sentenaryo ng Taon ng Kapanganakan ni Rizal noong 1961 (Ancheta, 1962, pp. 20-23).

Ikalawa, madalas itinatampok ni Fabella ang mga kaisipan ni Rizal sa kanyang mga sulatin at talumpati. Kanyang iginigiit na si Rizal ay isang mahusay na huwaran

ng kabataan at ang kanyang mga gawa ay kinapapalooban ng mga katangi-tangi ideya at kaisipan. Maliban sa mga aklat ukol sa bayani, nagsulat din siya ng mga artikulong “Rizal the Historian” at “Teaching Rizal in Schools,” at bumigkas ng mga talumpating may mga pamagat na “Personal Discipline in Nation Building,” “Jose Rizal and the Filipino Youth,” at “Jose Rizal in Our Time.”

Dagdag pa rito, itinuturing ni Fabella na isang historyador si Rizal. Bagama’t ang bayani ay walang pormal na pagsasanay sa historiograpiya, maituturing pa rin umano itong historyador dahil sa kanyang mga sinulat na may kahalagahang pangkasaysayan gaya ng *Anotaciones de Sucesos de las Islas Filipinas* ni Antonio Morga, *La Indolencia de Los Filipinos*, *Filipinas Dentro de Cien Años*, at *Mi Ultimo Adios*. Maging ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*, bagaman nasa anyong mga nobela, ay itinuring din niyang parehong akdang pangkasaysayan (Fabella, 1960, p. 12).

Ukol sa Batas Rizal, idinetalye ni Fabella sa isang artikulo ang kanyang mga opinyon, puna at rekomendasyon na may kinalaman dito. Positibo rin ang kanyang pagtingin nang tuluyang maisabatas ang kontrobersiyal na panukala. Ganito ang kanyang opinyon:

Kung titingnan sa kabuuan, isang napakabuting batas ng Republika Blg. 1425, at dapat tayong magpasalamat sa mga may-akda, nagpanukala, nagtaguyod at mga sumuporta dito. Sa hanay ng mga mambabatas, nararapat lamang bigyan ng di-karaniwang parangal sina Jose P. Laurel, Claro M. Recto, Jose P. Laurel, Jr., Jacobo Gonzales, Lorenzo Tañada at iba pang di-mabilang na pangalan. Ang kanilang mga pangalan ay dapat lamang na iukit sa bato at metal para sa kabatiran at pagkatuto ng mga susunod na henerasyon ng mga Pilipino. Nagtagumpay silang bigyan tayo ng paalala na tuparin ang isang mabuting tungkulin sa ating bansa subalit pinababayaan at nakakalimutan ng marami sa atin (Salin ng manunulat; Fabella, 1961, p. 209).

Nang maisabatas nga ito noong 1956, agad na sinimulan ang pagtuturo ng kursong Rizal sa mga kolehiyo at isa si Prop. Fabella sa mga pinakaunang tagapagturo nito sa UP. Kalaunan, ang nasabing kurso ay nakilala sa bansag na *Philippine Institutions 100* o P.I. 100 sa pinaikling tawag.

PAGIGING “AMA NG HUNYO 12”

Produkto at nakinabang man sa kolonyal na edukasyong Amerikano si

Prop. Fabella, hindi siya nananatiling bulag at bingi sa totoong kalagayan ng kanyang bansa sa kabila umano ng tinatamasa nitong kasarinlan. Sa mga huling taon niya sa akademya, umusbong sa kanya ang isa pang ambisyong may layuning makabansa at tila mahirap makamit subalit nanaig din. Kung ang pagtakbo niya noon sa pulitika ay para sa mga kababayang Romblomanon, ang panibago niyang adhikain ay inasam niyang para naman sa kapakinabangan ng lahat ng mga kababayang Pilipino, ibig sabihin higit na mas malawak at mas malalim.

Bakit nga ba binansagang “Ama ng Hunyo 12” si Fabella? Kung titingnang mabuti, bunga ito ng kanyang matagal na pakikipag-ugnayan kay Hen. Emilio Aguinaldo. Ayon kay Ancheta, idolo na ng propesor ang dating pangulo simula pa ng kanyang kabataan dahil sa malaking papel na ginampanan ng huli noong Unang Republikang Pilipino at Digmaang Pilipino-Amerikano. Taong 1926 nang una niya itong makita ng personal nang sumama siya kay Dr. Fernandez sa isang pagbisita sa tahanan ng heneral sa Kawit, Cavite. Pagkatapos ng digmaan, naging malimit ang kanyang pagdalaw dito dahil sa mga lakbay-aral ng kanyang mga klase sa kasaysayan, at dahil sa malimit na paanyaya ni Esteban de Ocampo, isang kaibigang Caviteño, para daluhan ang taunang kaarawan mismo ng kanyang idolo. Dahil dito, napalapit at itinuring siyang kaibigan ng pamilya at naging malapit sa mga magkakapatid na sina Carmen, Melencio at Emilio Jr. (Ancheta, 1962, p. 5).

Taong 1953, may papel na ginampanan si Fabella sa pagkakaloob kay Aguinaldo ng digring *Doctor of Laws honoris causa* mula sa UP. Bagama’t naging mainit ang debate lalo’t marami ang tumuligsa at naungkat na mga isyu ng rebolusyon laban sa dating pangulo, nagsilbi siyang tagapagtanggol nito nang maatasan siyang imbestigahan ang mga bagay na ito. Upang mapangatwiranan ang naging kilos at tugon ng dating pangulo ukol sa kamatayan nina Andres Bonifacio at Antonio Luna, nagsulat siya ng mga artikulo ukol dito.¹⁷ Kalaunan, inaprubahan ng Lupon ng mga Rehente ang panukalang parangal kay Aguinaldo, at naigawad ito noong Hunyo 12, 1953 (Ancheta, 1962, p. 6).

Sa pagdaan ng mga taon, sumidhi pang lalo ang paghanga ni Fabella sa kadakilaan ni Aguinaldo lalo’t hindi ito nakatanggap ng lubos na pagkilala bilang kapalit sa kanyang mga nagawa sa bansa. Nang dumalo siya sa paggunita ng Hunyo 12 noong 1954, lubos siyang naantig sa ginawang paghihirap ng

tumatandang dating pangulo at ng mga natitirang miyembro ng *Asosacion de los Veteranos de la Revolucion* para patuloy na gunitain ang nasabing makasaysayang petsa sa kabila ng pagkilala ng gobyerno sa Hulyo 4 bilang araw ng kasarinlan simula 1946. Dito siya nagdesisyong pasimulan ang isang kampanya - ang pagpapalit ng araw ng kasarinlan. Mula noon, puspusan siyang nagsulat ng mga artikulo, una sa pahayagang *Philippine Collegian*, at nagbigay ng mga talumpati sa iba't ibang panig ng bansa ukol dito sa kabila ng kawalan ng mga tagasuporta (Ancheta, 1962, p. 7).

Gayunpaman, tila “isang tinig sa disyerto” si Fabella habang patuloy na naging kapansin-pansin din ang unti-unting pagkawala ng interes ng mga Pilipino sa kahalagahan ng Hunyo 12. Katunayan, ang mismong inanyayahang tagapagsalita sa pagdiriwang noong 1960 ay hindi dumating at hindi naging magarbo ang paggunita noong 1961 (Ancheta, 1962, p. 7).

Noong 1959, naghain si Fabella ng isang resolusyon sa PHA. Bahagyang nirebisa at ininderso ng samahan, narito ang kanyang apat na pangunahing argumento kung bakit dapat Hunyo 12 ang araw ng kasarinlan at hindi Hulyo 4: Una, maaaring gayahin ng Pilipinas ang ginawang pag-angkin ng Estados Unidos sa mismong araw ng kasarinlan nito dahil sa halip na Setyembre 3, 1783 kung kailan sila kinilala ng Inglatera ay patuloy nilang ginugunita ang Hulyo 4, 1776 dahil mga Amerikano ang nagdeklara nito at hindi ang kanilang dating mananakop. Sa kaso natin, isang Pilipino sa katauhan ni Aguinaldo ang nagdeklara noong Hunyo 12, 1898. Pangalawa, ang pagkakapareho ng petsa ng araw ng kasarinlan ng dalawang bansa ay nakapagdudulot ng hindi pagbibigay-pansin ng maraming bansa sa ating sariling pagdiriwang dahil higit na makapangyarihan ang Estados Unidos kaysa Pilipinas sa paningin ng mundo. Pangatlo, lubos na napapanahon ang paggiit ng Pilipinas sa sarili nitong soberanya bilang isang malayang bansa at kaugnay dito ang pagpili ng sariling araw ng kalayaan. Panghuli, ang pagkakapareho ng ating araw ng kalayaan sa mga Amerikano ay tiyak na magreresulta sa negatibong pagtingin sa atin ng ibang mga bansa bilang patuloy na bahagi o hindi pa tunay na malaya mula sa Estados Unidos. Dagdag pa niya, ang Hulyo 4 ay maaari rin namang ipagdiwang bilang *Thanksgiving Day* bilang pagkilala sa kabutihan ng Estados Unidos.¹⁸

Unti-unting nagbunga ang paghihirap ni Fabella nang umani siya ng suporta sa ilang prominenteng indibidwal gaya nina Alejandro Roces, noo'y Kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon, at Kinatawan Ramon Mitra Sr. Ang una

ay paulit-ulit na nagsulit sa pahayagang *Manila Times* habang ang huli ay kumatha ng isang panukalang batas. Dahil sa mga pagpupunyaging ito, lubos ding nagpakita at nagpahayag ng suporta si Aguinaldo.

Inabot pa ng dalawang taon bago nagbunga ang mga paghihirap ni Fabella. Noong Mayo 12, 1962, nilagdaan ni dating Pangulong Diosdado Macapagal ang *Proclamation No. 28* na naglilipat ng araw ng kalayaan mula Hulyo 4 tungong Hunyo 12. Sinundan ito ng pagsasabatas ng *Republic Act No. 4166* noong Agosto 4, 1964 kung kailan opisyal na ginawang araw na kalayaan ang Hunyo 12 habang araw ng Republika ng Pilipinas ang Hulyo 4. Mula noon, tuwing Hunyo 12 na ang ginugunitang araw ng kasarinlan ng mga Pilipino (Macapagal, 1970, pp. 372-373).

Ang pagsasabatas ni Macapagal ay umani ng papuri at pagsasaya mula sa maraming tao. Ang pagdiriwang sa Luneta noong Hunyo 12, 1962 ay naging magarbo kung kailan naroon mismo si Aguinaldo bilang panauhing pandangal. Sa mismong okasyon, nagkaroon ng dula ukol sa mga orihinal na eksenang naganap sa deklarasyon ng kalayaan noong 1898. Saksi dito ang halos kalahating milyong Pilipinong dumalo at nanood. Kulang-kulang dalawang taon ang nakalipas, pumanaw na rin ang dating pangulo sa edad na 94 (Fabella, 1998, pp. 223-224).

Sa kabila ng matagal na pagpupunyagi ni Fabella, hindi man lamang siya binanggit o pinasalamatang ni Macapagal. Sa isang panayam sa huli ilang dekada matapos ang kanyang panunungkulan bilang pangulo, ganito ang kanyang matipid na paliwanag:

Nang ako'y naglilingkod bilang diplomatiko, napansin kong walang dumadalo sa ating paggunita tuwing Hulyo 4, subalit nandoon sa embahada ng Amerika. Kung kaya, nagdesisyon akong magkaroon ng hiwalay na paggunita (Salin ng manunulat; Karnow, 1989, p. 365).

Sa ganitong pahayag ni Macapagal, lumilitaw na lubos ang kanyang pag-ako sa lahat ng papuring may kinalaman sa hakbang na iyon. Tanging mga kasama sa PHA at ibang historyador ang kumilala kay Fabella sa mga pahayagan. Doon nagsimula ang pagbansag sa kanya bilang "Ama ng Hunyo 12" at itinuring naman niyang pinakamalaking tagumpay ng kanyang buhay ang nasabing pagsasabatas.¹⁹

Matapos magretiro, ginugol ni Fabella ang huling dalawang dekada ng kanyang buhay sa pag-aasikaso ng kanyang mga paaralan at pagdalaw sa ilang anak na nasa labas ng bansa. Bilang isang matagumpay na indibiwal, ganito siya pinapurihan n Gng. Grace F. Bulaong, isa sa kanyang mga anak:

Kung babalikan ang kanyang (Fabella) buhay na nagsimula sa matinding kahirapan, ang kanyang pagpupunyagi ang isa sa mga katangiang nagpausad sa kanya, na hindi lamang litaw noong kanyang kabataan. Sa kanyang pagtanda, siya ay isang tagapagluklok ng pinuno na tahimik na kumikilos upang mahalal o mapili ang isang kasapi, sa anumang posisyon na kanyang ninanais para dito (Salin ng manunulat; Fabella, M. II, 2005, pp. 6-7).

Bunga ng katandaan at sakit, sumakabilang buhay siya sa gulang na 83 noong Enero 29, 1982 sa Maynila, ilang araw lamang matapos makauwi galing Toronto, Canada.²⁰

KONKLUSYON

Nailahad ng papel na ito ang makulay na buhay ni Gabriel F. Fabella (1898-1982). Bilang isang detalyadong salaysay, naitampok siya bilang isang di-pangkaraniwang indibidwal ng kanyang henerasyon dahil sa di-mabilang na katangian – mandudula, peryodista, abugado, guro mapa-pribado at publiko, tagapagtatag ng mga paaralan, Kinatawan, líder sibiko, historyador at huwarang Rizalista.

Sa kabila ng pagiging mahirap at nagmula sa isang di-kilalang lalawigan, matagumpay na nakalikha si Fabella ng kasaysayan sa ilang pagkakataon, bukod-tangi rito ang mga kaganapan ng 1935 at 1962. Sa una, kanyang naitanghal ang pangalan ng kanyang lalawigan sa antas pambansa nang matupad niya ang matagal nang pangarap na pasukin ang lokal na pulitika at wakasan ang monopolyo ng isang beteranong pulitiko. Dahil dito, nabigyang-pokus niya ang sektor ng edukasyon para sa benepisyo ng mga Romblomanon na lalo pa niyang pinag-ibayo sa pamamagitan ng pagtatatag ng maraming paaralan matapos ang giyera. Ibig sabihin, kanyang malugod na ibinahagi sa sariling mga kababayan ang pagkakataong umangat sa buhay dulot ng edukasyong natamo sa ilalim ng pamahalaang kolonyal na Amerikano. Gayunpaman, ginamit din niya ng lubusan ang edukasyong ito hindi lamang upang magdulot ng

kaginhawahan sa mga taga-Romblon kundi maitaguyod ang pambansang dignidad ng mga Pilipino sa mata ng mundo. Makikita naman ito sa ikalawa kung kailan tuluyang nagbunga ang kanyang kulang-kulang isang dekadang pagpupunyagi na ikampanyang maibalik ang paggunita sa araw ng kasarinlan ng ating bansa mula Hulyo 4 tungong Hunyo 12.

Bagama't matagal nang yumao, mainam lamang panatiling buhay ang alaala at bigyan ng sapat na pagkilala ang isang gaya ni Fabella. Bilang konkretong patunay sa kanyang mataas na pagpapahalaga sa edukasyon ay ang pagkakaroon niya ng sampung anak na pawang naging matatagumpay sa buhay. Siyam sa kanila ay pawang nagsipagtapos sa UP habang walo rito ang buhay pa hanggang sa kasalukuyan. Narito ang pagkasunud-sunod ng kanyang mga anak: Liberty (Yuzon), Plaridel, Gabriel Jr., Asuncion Aurora (Trabert), Felixberto, Maximo II, Jose Burgos, Grace (Bulaong), Josephine (Miller) at Alma Filipina (Karlsen).

Panghuli, magsisilbing bagong ambag ang pag-aaral na ito sa hanay ng mga talambuhay na naisulat na ukol sa mga natatanging historyador ng bansa. Isa siyang magandang halimbawa ng katotohanang malimit mabigyan ng pagkilala ang mga gaya niyang historyador sa papel na ginagampanan nila sa pagbubuo ng bansa. Gayunpaman, patunay din ang buhay ni Fabella na maraming maaaring magagawa ang isang historyador, maliban sa pagiging mananalisik at manunulat ng nakaraan, at isa na rito ang paglikha mismo ng kasaysayan.

APENDIKS A:

Mahahalagang Pangyayari sa Talambuhay ni Gabriel F. Fabella

Marso 18, 1898	Kapanganakan sa Banton, Romblon
1906-1909	Pag-aaral sa Banton Primary School
1909-1912	Pag-aaral sa Romblon Intermediate School
1912-1916	Pag-aaral sa Manila High School
1916-1917	Pagtuturo sa Capiz Intermediate School
1917-1920	Pag-aaral ng tatlong kurso sa Unibersidad ng Pilipinas
1920-1922	Pagtuturo sa Romblon High School
1922-1923	Pagtuturo sa Romblon High School at Tayabas High School
1923	Unang pagpasok sa UP bilang Instructor

1931	Pagtatapos ng digring MA History
1934	Pagtatapos ng abugasya at pagiging ganap na abugado
1935	Pagkahalal bilang Kinatawan ng Tanging Distrito ng Romblon
1938	Ikalawang pagpasok sa UP bilang Assistant Professor
1946	Ikatlong pagpasok sa UP bilang Associate Professor
1954	Pagtungo sa Estados Unidos at pag-uwi dala ang Taylor's Insurgent Records
1955	Pagtatatag sa Philippine Historical Association
1957	Pagkataas sa ranggong Full Professor
1958	Pagkahirang bilang Tagapangulo ng UP Departamento ng Kasaysayan at Acting Director ng UP Clark Air Base
1962	Pagsasabatas ng Proclamation No. 28
1963	Pagreretiro bilang guro ng UP
1964	Pagsasabatas ng Republic Act No. 4166
Enero 29, 1982	Kamatayan sa Maynila

APENDIKS B

Mga Akda ni Gabriel F. Fabella

Aklat

- 1948 *Survey of World Civilization.*
- 1954 (Kasamang may-akda si Vicente Balanag) *A Syllabus of Classical Civilization.* Quezon City: Excelsior Publishing Co., 1954.
- Harvest at Random: A Collection of Articles and Addresses.* Manila: Advocate Book Supply Co. Inc., 1954.
- 1955 (Kasamang mangangalap si Leopoldo P. Serrano) *Philippine Nationalism.* Quezon City: University of the Philippines, 1955.
- 1958 *Hellenic Civilization: A Syllabus.* Manila: R. P. Garcia Publishing, 1958.
- Roman Civilization: A Syllabus.* Manila: R. P. Garcia Publishing, 1958.
- 1960 *Rizal the Historian and Other Historical Essays.* Quezon City: Philippine Historical Association, 1960.
- 1963 *Philippine History Highlights; TV Lectures, Channel 8, Clark Air Base, Pampanga.* Quezon City: Excelsior Enterprises, 1963.
- Understanding Rizal: An Anthology of Essays Written by and about Rizal.* Quezon City: Excelsior Enterprises, 1963.
- What I Know of Mamerto S. Miranda.* Manila: MCM Research and Information Center, 1963.

- 1967 (Kasamang may-akda si Maximo P. Fabella II) *Knowing Rizal: A Quizzer and Selected Essays*. Manila: Royal Publishing House, 1967.
- 1974 *Sa Panghimuyakang Bantoanon*. San Mateo, Rizal: D. Fatalla, 1974.
- 1976 *The Romblon Archipelago (Series No.1): Banton, Calatrava, Concepcion and Corcuera*. San Mateo, Rizal: ITP Press, 1976.
- 1977 *The Romblon Archipelago (Series No. 2): Odiongan, San Agustin and Looc*. San Mateo, Rizal: ITP Press, 1977.
- 1998 *Gabriel F. Fabella: The Man from Romblon* (batay sa sariling talambuhay na may orihinal na pamagat na *My Own Record*). San Fernando at Aringay, La Union: Northern Educational Development Center, Inc., 1998.

ARTIKULO SA PAHAYAGAN, DYORNAL AT MAGASIN

- 1940 "Pelaez, First National Leader," *Philippine Free Press* 34, no. 27 (July 6, 1940): 37. Tingnan din ang *Harvest at Random*, 1-6 at *Rizal the Historian*, 132-135.
- 1953 "Bonifacio and Aguinaldo," *This Week* 8 (*Sunday Magazine of the Manila Chronicle*) no. 20 (May 17, 1953): 4-5, 25. Tingnan din ang *Harvest at Random*, 46-56 at *Rizal the Historian*, 89-97. Ang pamagat sa huli ay "How Aguinaldo Became Head of the Revolution."
- "Country Over Self," *This Week* 8 (*Sunday Magazine of the Manila Chronicle*) no. 27 (July 5, 1953): 6-7. Tingnan din ang *Harvest at Random*, 18-25 at *Rizal the Historian*, 136-142. Ang pamagat sa huli ay "Plaridel's Love of Country."
- "Like the Molave – Miguel Malvar," *Black and White* (November 5, 1953): 18-19, 29. Tingnan din ang *Harvest at Random*, 101-108.
- "Only Fifteen are Left," *Philippines Free Press* 44, no. 42 (October 17, 1953): 28-29. Tingnan din ang *Harvest at Random*, 122-125.
- "Personalities in the Malolos Congress," *The Philippine Journal of Education* 32, no. 3 (September, 1953): 138-139, 193.
- "The Assassination at Cabanatuan," *This Week* 8 (*Sunday Magazine of the Manila Chronicle*) no. 23 (June 7, 1953): 6-8. Tingnan din ang *Harvest at Random*, 76-84 at *Rizal the Historian*, 107-113. Ang pamagat sa huli ay "Tragedy at Cabanatuan."
- "The First Philippine Assembly," *The Philippine Journal of Education* 32, no. 4 (October, 1953): 206-209. Tingnan din ang *Harvest at Random*, 109-122 at *Rizal the Historian*, 114-121.
- "The Hero of Tirad," *The Philippine Journal of Education* 32, no. 6 (December, 1953): 350-351, 364-366. Tingnan din ang *Harvest at Random*, 85-100 at *Rizal the Historian*, 157-167. Ang pamagat sa huli ay "Gregorio del Pilar's Undying Glory."

- 1954 "A Hero from the North," *The Philippine Journal of Education* 33, no. 5 (November, 1954): 294-295, 346-347. Tingnan din ang *Rizal the Historian*, 125-131 na ang pamagat ay "Diego Silang: A Lion from Ilocos."
- "La Solidaridad and the Propaganda," *The Philippine Journal of Education* 32, no. 8 (February, 1954): 494, 496-497. Tingnan din ang *Harvest at Random*, 7-17 at *Rizal the Historian*, 75-81.
- "Nationalism in the Potomac," *Philippine Collegian* (February 26, 1954): 3. Tingnan din ang *Harvest at Random*, 126-131.
- "The Background of the Katipunan Revolt," *The Philippine Journal of Education* 33, no. 2 (August, 1954): 77-81, 121.
- "The Man Who Might Have Been President," *Saturday Mirror Magazine*.
- "The Man Who Prolonged a War," *Saturday Mirror Magazine* (November 6, 1954): 24-25. Tingnan din ang *Rizal the Historian*, 168-172.
- "Public Servants: Washington Style," *Philippine Collegian* (January 29, 1954). Tingnan din ang *Harvest at Random*, 154-159.
- "Quezon and the Rubber Stamp Assembly," *Kislap Graphic* 21.
- "Remember Another Fourth," *The Philippine Journal of Education* 32, no. 8 (February 1954): 495, 508-509, 537. Tingnan din ang *Harvest at Random*, 66-75.
- "The Shot That Set Off the Filipino-American War," *Saturday Mirror Magazine*.
- "The Typical Filipino Family at Washington," *Harvest at Random* (1954): 143-153.
- "Washingtonian Filipinos Celebrate Magsaysay Victory," *Philippines Free Press* 45 (January 9, 1954): 27. Tingnan din ang *Harvest at Random*, 132-133.
- 1955 "Christmas During Aguinaldo's Odyssey," *Philippines Free Press* 46 (December 10, 1955): 10.
- 1956 "Andres Bonifacio in 1956," *Philippine Collegian* (November 28, 1956). Tingnan din ang *Rizal the Historian*, 173-183.
- "Biak-na-Bato: A Triumph for the Filipinos," *The Philippine Journal of Education* 35 no. 7 (December, 1956): 420-421, 467, 471-473.
- "Did We Really Have Four Republics?," *Sunday Times Magazine* 12, no. 10 (November 11, 1956): 10-11. Tingnan din ang *Rizal the Historian*, 28-31.
- "For a Historically-Minded Filipino Nation," *Philippine Collegian* (August 22, 1956): 3. Tingnan din ang *Rizal the Historian*, 98-101.
- "Philippine Independence: June 12 or July 4?," *Sunday Times Magazine* 12, no. 6 (July 1, 1956): 12-13. Tingnan din ang *Rizal the Historian*, 24-27.

"Remember Another Fourth," *Saturday Mirror Magazine* (February 4, 1956): 10-12. Tingnan din ang *Rizal the Historian*, 102-106.

"Simon de Anda and the Filipino Clergy," *The Philippine Journal of Education* 35, no. 6 (November, 1956): 354-355. Tingnan din ang *Rizal the Historian*, 64-70.

"The Cavite Revolt of 1872," *Philippines Free Press* 47 (January 11, 1956): 26. Tingnan din ang *Rizal the Historian*, 71-74 na ang pamagat ay "1872 and Philippine Nationalism."

"The Malolos Congress," *Philippine Collegian* (September 18, 1956). Tingnan din ang *Rizal the Historian*, 98-101.

"The Occupation of Manila by the British," *Sunday Times Magazine* 12, no. 9 (October 14, 1956): 6-7. Tingnan din ang *Rizal the Historian*, 59-63.

"Toward a Truer Philippine Historical Perspective," *This Week* 11 (*Sunday Magazine of the Manila Chronicle*) no. 2 (January 11, 1956): 13.

1957 "Lopez Jaena: First Man in the Propaganda Field," *Sunday Times Magazine* 12 no. 24 (February 17, 1957): 34-35. Tingnan din ang *Rizal the Historian*, 143-147 na may pamagat na "The Neglect of Lopez Jaena."

"Mariano Ponce – Propagandist and Scholar," *Philippines Free Press* 48 (February 9, 1957): 18-19, 46. Tingnan din ang *Rizal the Historian*, 148-151.

"Rizal the Historian," *Philippine Collegian* (February 28, 1957): 3. Tingnan din ang *Sunday Times Magazine* 13, no. 3 (June 16, 1957): 28-32, *Philippine Educational Forum* (July, 1957), *Rizal the Historian*, 3-13 at *Rizaliana* (December 30, 1960): 23.

"The Man Who Might Have Been President," *Saturday Mirror Magazine* (February 16, 1957).

"US General Lives, a Filipino General Fades Away," *Sunday Times Magazine* 12, no. 23 (January 20, 1957): 6-8. Tingnan din ang *Rizal the Historian*, 19-23 na may pamagat na "Filipino First: The Case of General Geronimo and General Lawton."

"What Shall We Do With the Records of the Revolution?," *Philippines Free Press* 48 (July 27, 1957): 32.

1958 "Emilio Aguinaldo at 89," *Philippines Free Press* 52 (March 22, 1958): 34-35, 48-49. Tingnan din ang *Rizal the Historian*, 184-191.

"Historical and Archaeological Fragments of Albay Province," *Buletin ng Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas* 2, no. 4 (June, 1958): 51-62.

"Pedro A. Paterno: Peacemaker," *Philippines Free Press* 49, no. 8 (March 1, 1958). Tingnan din ang *Harvest at Random*, 135-142 at *Rizal the Historian*, 152-156.

"The 'First' Free Press," *Philippines Free Press* 52 (August 30, 1958): 126-128.

- 1959 "My Impressions of Sergio Osmeña," *Historical Bulletin* 3, no. 3 (September, 1959): 51-59. Tingnan din ang *Rizal the Historian*, 192-200.
- "My Last Glimpse of Dr. Jose P. Laurel," *Manila Times* (March 9, 1959). Tingnan din ang *Dr. Jose P. Laurel Memorial Series* 1: 130-133.
- "Propaganda Triumvirate," *Kislap Graphic* 26 (December 16, 1959): 48-49.
- 1960 "Don Adriano N. Rios: Romblon Patriarch," *Historical Bulletin* 4, no. 3 (September, 1960): 63-71.
- "Gregorio Aglipay in History," *Historical Bulletin* 4, no. 4 (December, 1960): 27-35.
- "On Don Panyong," *Philippines Free Press* 53 (April 23, 1960): 32.
- "Why Gomez, Burgos and Zamora Were Executed," *Philippines Free Press* 1953 (February 13, 1960): 18-19.
- 1961 "Changes in Mabini's Political Ideas," *University College Journal* (2nd Semester 1961): 67-74. Tingnan din ang *Historical Bulletin* 8, nos. 2-3 (June-September 1964): 67-71.
- "Teaching Rizal in Schools," *Historical Bulletin* 5, no. 4 (December, 1961): 209-229.
- 1962 "Are We Properly Honoring Rizal?," nasa Ancheta (1962): 1-8 (sa ilalim ng "Two Appeals to My Countrymen").
- "Manuel T. Albero: A Father of Our Constitution," *Historical Bulletin* 6, no. 1 (March, 1962): 71-80.
- 1963 "The First Seven Years: 1955-1962," *Historical Bulletin* 7, no. 1 (March, 1963): 73-86.
- 1965 "The Language Problem in Our Schools," *The Private School Journal* 4, no. 1 (January-March, 1965): B-1, 1-8.
- 1966 "Myths after Quezon," *Historical Bulletin* 10, no. 2 (June, 1966): 103-122.
- 1967 "The Future of Philippine Politics," *Historical Bulletin* 11, no. 4 (December, 1967): 368-380.
- 1968 "On Reaching 70," *Buyawang Ani* (1968): 26, 32, 51.
- 1969 "The Role of Aguinaldo in History," *Historical Bulletin* 13, nos. 1-4 (January-December, 1969): 18-27.
- 1973 "Philippine Historiography as a Tool for Understanding," *Historical Bulletin* 17, nos. 1-4 (January-December, 1973): 246-255.
- 1975 "The Historian and National Identity," *Historical Bulletin* 19, nos. 1-4 (January-December, 1975): 189-199.

Talumpati

- 1938 "The Place of Bonifacio in Our History." Binasa sa *Mapua Institute of Technology* noong Nobyembre 30, 1938. Tingnan ang *The Builder* (January, 1939) at *Harvest at Random*, 26-45.
- 1953 "In Memory of Our Father Land." Binasa sa *Filipino Club* sa Hamilton Hotel, Washington D.C., Estados Unidos noong Nobyembre 21, 1953. Tingnan ang *Harvest at Random*, 160-175.
- 1954 "Let Us Make Life Worth Living." Binasa sa Fabella High School, Roxas, Oriental Mindoro noong Marso 25, 1954. Tingnan ang *Harvest at Random*, 188-199.
- "Sail On! Sail On!" Binasa sa Roxas, Oriental Mindoro noong Marso 26, 1954. Tingnan ang *Harvest at Random*, 180-187.
- "What is Your Mission in Life?" Binasa sa People's Homesite School, Roxas, Oriental Mindoro noong Abril 3, 1954. Tingnan ang *Harvest at Random*, 174-179.
- 1955 "For a Truer Philippine Historical Perspective." Binasa sa panunumpa ng mga unang opisyal ng PHA sa harap ni Pangulong Ramon Magsaysay sa Malacañang noong Disyembre 12, 1955. Tingnan ang *Buletin ng Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas* 1, no. 1 (June, 1957): 1-8.
- "On Filipino-American Friendship." Binasa sa Officer's Clubhouse, Clark Air Base, Pampanga noong Hulyo 1955. Tingnan ang *Rizal the Historian*, 32-37.
- 1958 "Extension of Historical Studies and Research." Binasa sa PHA Annual Convention, University of the East, Manila noong Nobyembre 29, 1958. Tingnan ang *Buletin ng Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas* 2, no. 6 (December, 1958): 25-44, *Rizal the Historian*, 38-55 at *University of the East Historians Journal* 3 (February 25-27, 1959): 25-27.
- 1959 "Significance of the Cry of Balintawak." Binasa sa *Rotary Club of Manila* sa Winter Garden, Manila Hotel, Maynila noong Agosto 27, 1959. Tingnan ang *Rizal the Historian*, 82-88.
- 1960 "Does the Teaching of History Today Promote International Goodwill and Understanding?" Binasa sa Unang Pandaigdigang Kumperensiya ng *International Association of Historians of Asia* (IAHA) sa Maynila noong Nobyembre 25, 1960. Tingnan ang *Proceedings of the First International Conference of Historians of Asia held under the Auspices of the Philippine Historical Association, November 25-30, 1960* (Manila: PHA, 1962).
- "For a Monument to Manuel Roxas." Binasa sa Roxas, Oriental Mindoro noong Hulyo 4, 1960 sa pagdiriwang ng dating araw ng kasarinlan. Tingnan ang *Ancheta* (1962): 9-15 (sa ilalim ng "Two Appeals to My Countrymen").

"Personal Discipline in Nation Building." Binasa sa Villa Lolita Resort noong Disyembre 3, 1960. Tingnan ang Ancheta (1962) Appendix B: 8-18.

- 1961 "Jose Rizal and the Filipino Youth." Binasa sa Laurel High School, Tondo, Manila noong Hunyo 21, 1961. Tingnan ang Ancheta (1962) Appendix D: 28-33.

"The Martyrdom of Gomburza." Binasa sa University of Manila, Maynila noong Pebrero 17, 1961. Tingnan ang Ancheta (1962) Appendix C: 19-27.

"Rizal's Noli and Fili – The Filipino Bibles." Binasa sa Philippine Christian University, Maynila noong Oktubre 7, 1961 at may orihinal na pamagat na "Jose Rizal in Our Time." Tingnan ang Ancheta (1962) Appendix A: 1-7 at *Historical Bulletin* 6, no. 4 (December, 1962): 406-411.

- 1962 "The Forgotten Marcelo H. del Pilar." Binasa sa Jose Rizal College, Mandaluyong City noong Agosto 12, 1962. Tingnan ang Ancheta (1962): 9-14 (sa ilalim ng "Fabella's Speeches").

"Manuel L. Quezon: An Appraisal." Binasa sa Rotary Club of Manila sa Manila Hotel, Maynila bilang paggunita sa ika-84 anibersaryo ng kaarawan ng dating pangulo noong Agosto 16, 1962. Tingnan ang *Historical Bulletin* 6, no. 3 (September, 1962): 231-238.

- 1965 "Random Thoughts on the Christianization of the Philippines." Binasa sa National Library Auditorium, Maynila noong Abril 10, 1965. Tingnan ang *The Beginnings of Christianity in the Philippines: Papers Read at the Historical Symposium Held at the National Library Auditorium from April 10-11, 1965* (Quezon City: Vertex Press, Inc., 1965).

- 1976 "Recollection: Ilustrious Pangasinenses." Binasa sa isang palihan ng PHA sa Dagupan, Pangasinan. Tingnan ang orihinal na kopya sa UP Archives and Records Depository.

Walang Petsa

"Kilayahon nato't maad si Jose Rizal. Panulong sa Odiongan." Walang petsa. Tingnan ang orihinal na kopya sa UP Archives and Records Depository.

Panunuring Aklat

(Kasama si Rex D. Drilon) "Aguinaldo Now Speaks Out After Sixty Years Through a Third Person." Tingnan ang *Buletin ng Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas* 2, no. 3 (March, 1958).

Mga Dula

"Constancy or Fidelity" (Ipinalabas sa Romblon, Romblon)

"Excelsior" (Ipinalabas sa Romblon, Romblon)

"For Better or For Worse (Ipinalabas sa Romblon, Romblon)

"Ka Suyog ay Pa-Mait" (The Current is Towards Mindoro) (Ipinalabas sa Banton, Romblon)

"Kayamanang Ginto" (Ipinalabas sa Bongabon, Oriental Mindoro)

"The Pedagogue" (Ipinalabas sa Lucena, Quezon)

Mga Dulang Isinalin sa Wikang Asi

"Usang Librang Karne" ("The Merchant of Venice")

"Si Romeo ag si Hulieta" ("Romeo and Juliet")

"Ruhang Ginoong taga-Verona" (Two Gentlemen of Verona)

Tesis Masterado

1931 "Church Administration in the Philippines, 1581-1762." University of the Philippines, 1931. Tingnan ang *Philippine Social Science and Humanities Review* 3, no. 3 (May, 1931): 227-243, *Philippine Social Science and Humanities Review* 4, no. 3 (July, 1932) at *Philippine Social Science and Humanities Review* 4, no. 4 (October, 1932): 225-285.

TALASANGGUNIAN

PRIMARYANG BATIS

Aklat

Fabella, G. (1954). *Harvest at random: A collection of articles and addresses*. Manila: Advocate Book Supply Co, Inc.

Fabella, G. (1960). *Rizal the historian and other historical essays*. Quezon City: PHA.

Fabella, G. (1998). *The man from Romblon*. San Fernando and Aringay, La Union: Northern Educational Development Center, Inc.

Fabella, G. (1976). *The Romblon Archipelago (Series No.1): Banton, Calatrava, Concepcion at Corcuera*. San Mateo, Rizal: ITP Press.

Pahayagan at Dyornal

Fabella, G. (1953, May 17). Bonifacio and Aguinaldo. *This Week* 8 (*Sunday Magazine of the Manila Chronicle*) no. 20, pp. 4-5, 25.

Fabella, G. (1961, December). Teaching Rizal in schools. *Historical Bulletin* 5, no. 4, pp. 209-229.

Fabella, G. (1953, July 5). The Assassination at Cabanatuan. *This Week* 9 (*Sunday Magazine of the Manila Chronicle*) no. 27, pp. 6-8.

Fabella, G. (1975, January-December). The Historian and national identity. *Historical Bulletin* 19, nos. 1-4, pp. 189-199.

SEKUNDARYANG BATIS

Aklat

Ancheta, C. (1962). *The father of Philippine independence day*. Quezon City: Pilipino Teacher Publications, Inc.

Arcellana, E. et al., (Eds.). (1986). *Philippine Science Encyclopedia*. Vol. VIII. "Social Sciences," Manila: National Research Council of the Philippines, 1986.

Camagay, M. L. (1996). *Encarnacion Alzona: An anthology*. Quezon City: UP Office of Research Coordination.

Department of History 1910-1979. History Week. UP College of Arts and Sciences. Diliman, Quezon City. September 17-20, 1979.

Fabella, M. P. II (Ed.). (2005). *Nang Muring: Humanitarian: Family memories of Maura Fabella-Filipino nurse, midwife and mother*. Florida, USA: Philippine Research Center South.

Karnow, S. (1989). *In our image: America's empire in the Philippines*. New York, USA: Ballantine Books.

Lancion, C. (1995). *Fast facts about Philippine provinces*. Manila: Tahanan Books, 1995.

Manuel, E. A., & Manuel, M. (1986). *Dictionary of Philippine Biography*, vol. 3. Quezon City: Filipiniana Publications.

Macapagal, D. (1970). *The Philippines turns east* (2nd ed). Quezon City: Mac Publishing.

Prado, F. R. (2005). *The History of Carmen including historical and cultural background of north-eastern barangays of the municipality of San Agustin, Romblon*. Private Publication.

Pahayagan at Dyornal

Agoncillo, T. (1954, March 6). Records of the Revolution. *Philippines Free Press* 45, no. 10, pp. 24, 41.

Ancheta, C. (1962, June). The man who fathered June 12 for our independence celebration. *Historical Bulletin* 6, no. 2, pp. 193-196.

Esquejo, K. (2008, June 15). Father of June 12: An appraisal. *Philippine Daily Inquirer*, p. A16.

Esquejo, K. (2011). Tunggaliang Festin at Fabella: Ang halalang 1935 sa kasaysayang pampolitika ng Romblon. *Daluyan Journal ng Wikang Filipino*, 16, 101-118.

- Marcos, F. (1967, December). History and National Progress. *Historical Bulletin* 11, no. 4, p. 345.
- Montaña, J. (1922, February 28). Future predicted for Romblon playwright in English. *Philippines Free Press*, pp. 26-27.
- San Diego, R.R. (1982, February 8). Gabriel F. Fabella, father of Philippine independence day. *UP Newsletter*.
- "Who is Who in the Philippines?" (1936, Oktubre 22). *Kislap Graphic*, p. 31

Panayam

- Bulaong, G. F. Panayam, Hunyo 18, 2008, San Mateo, Rizal.
- de Castro, N. G. Panayam, Nobyembre 11, 2006, Roxas District, Lungsod ng Quezon.
- Deoso, G. Panayam, Oktubre 26, 2006, San Andres, Romblon.
- Fabella, G. Jr. Panayam, Mayo 4, 2008, Agoo, La Union.
- Fabella, M. Panayam, Agosto 12, 2006 at Setyembre 2, 2009, New Era University, Lungsod ng Quezon.
- Gadon, G. Panayam, Oktubre 26, 2006 at Disyembre 26, 2006, San Andres, Romblon.
- Rogero, S. Panayam. Mayo 28, 2009, Romblon, Romblon.
- Santos, G. M. Panayam, 13 Oktubre 2006, St. Mary's College, Lungsod ng Quezon.
- Yuzon, I. F. Panayam, Disyembre 1, 2009, Project 8, Lungsod ng Quezon.

Liham

- Marcos, F. (1964, Agosto 5). Liham mula Basilan kay Prop. Gabriel F. Fabella. Kopya nasa UP Archives and Records Depository, UP Main Library, Lungsod ng Quezon.
- Miller, J. F. (2006, Oktubre 2). Liham mula Kapolei, Hawaii sa manunulat. Kopya nasa tahanan ng manunulat, Tandang Sora, Lungsod ng Quezon.
- Trabert, A. F. (2006, Agosto 14). Liham mula Lincoln, Nebraska sa manunulat. Kopya nasa tahanan ng manunulat, Tandang Sora, Lungsod ng Quezon.

MGA TALA

¹ Ang papel na ito ay batay sa aking di-nailathalang tesis di-gradwado na "Gabriel F. Fabella: 1898-1982" bilang pagtupad sa pangangailangan ng kursong BA Kasaysayan noong 2007. Ito ay unang binasa sa UP Baguio CSS Week noong Marso 6, 2008 at muling binasa sa UP Diliman CSSP Talastasan Series noong Hulyo 21, 2009.

- ² Kaugnay dito, nagkaroon ng pag-aaral ang isang pangkat ng mga guro ng UP Departamento ng Kasaysayan kabilang ang manunulat na ito kung saan tinangkang ilahad at bigyan ng lunas ang nakakalungkot na kalagayan ng pagtututuro ng asignaturang Araling Panlipunan, lalo na ang Kasaysayan ng Pilipinas, sa sektor ng pampublikong edukasyon sa bansa. Tingnan ang Ma. Serena I. Diokno, "History in Basic Education," *Philippine Daily Inquirer* (September 5, 2009 Part 1 at September 12, 2009 Part 2).
- ³ Para sa talambuhay ni Dr. Alzona, basahin ang Camagay (1996).
- ⁴ Batay sa aking pananaliksik, labindalawa lamang ang nabigyan ng pangalan ni Fabella sa kanilang labintatlong magkakapatid. Maliban sa kanyang sarili, sila ay sina Apolonio, Jorge, Paula, Adriano, Bruno, Valeriano, Pedro, Felix, Mariana, Romana at Simeona. Tingnan ang Maximo Fabella II, ed. Nang Mauring: Humanitarian: Family Memories of Maura Fabella-Filipino nurse, midwife and mother (Florida, USA: Philippine Research Center South, 2005), 6-
- ⁵ Ayon sa pag-aaral ni Francis Ray Prado, humigit-kumulang 158 pulo ang bumubuo sa lalawigan ng Romblon at tanging 26 lamang ang may pangalan. Tingnan ang Prado (2005).
- ⁶ Sa panahong iyon, ang Romblon ay isang sub-province ng Capiz sa bisa ng Philippine Commission Act No. 1665. Muling humiwalay ang Romblon noong 1918 sa bisa naman ng Philippine Legislature Act No. 2427.
- ⁷ Kalaunan, ang Manila High School ay nahati pa sa apat na paaralang sekondarya at ipinangalan sa apat na Pilipinong mahistrado na naglingkod sa Korte Suprema sa panahon ng mga Amerikano: Cayetano Arellano (Manila West), Manuel Araullo (Manila North), Florentino Torres (Manila South) at Victorino Mapa (Manila East).
- ⁸ Itinatag bilang paaralan para sa pagsasanay ng mga guro noong 1901 sa bisa ng Philippine Commission Act No. 74, ito ay naging Philippine Normal College noong 1949 hanggang sa naging Philippine Normal University noong 1991.
- ⁹ Maliban kay Bb. Asuncion Guerra na naging ina ng kanyang isang anak, dalawang ulit pang nagkaroon ng katuwang sa buhay si Fabella. Ang ikalawa ay si Bb. Lucia Rojo ng Maynila (isang anak) at ang ikatlo ay si Bb. Maura Padlan ng San Carlos, Pangasinan (walong anak).
- ¹⁰ Tingnan ang Department of History 1910-1979 (History Week. UP College of Arts and Sciences. Diliman, Quezon City. September 17-20, 1979), 4-9.
- ¹¹ Panayam ng manunulat kay Dr. Gloria Martinez-Santos sa *St. Mary's College*, Lungsod Quezon noong Oktubre 13, 2006. Matapos yumao si Prop. Fabella, si Dr. Santos ang tumayong Executive Director ng PHA hanggang sa kanyang kamatayan.
- ¹² J. Montaña, "Future Predicted for Romblon Playwright," *Philippines Free Press* (February 28, 1922): 20-21. Ang wikang Asi, kilala din bilang Bantoanon, ay isa sa tatlong pangunahing wika ng Romblon at sinasalita sa limang bayan ng lalawigan kasama na ang Banton.

- ¹³ Para sa detalyadong pagtalakay ukol sa pagpasok at pagwawagi ni Fabella sa halalan, tingnan ang Esquejo (2011).
- ¹⁴ Batay sa panayam sa mga kaanak, naibenta na ang lahat ng paaralang naitayo at naging pag-aari ng pamilya Fabella bago pa sumakabilang buhay ang propesor noong 1982.
- ¹⁵ Tingnan din ang Gabriel Fabella, "The Historian and National Identity," *Historical Bulletin* 19, nos. 1-4 (January-December, 1975): 189-199.
- ¹⁶ Para sa buong talaan ng mga akda ni Prop. Fabella, konsultahin ang bahaging "Mga Akda ni Gabriel F. Fabella" kung saan kronolohikal na inilatag ang lahat ng natagpuang akda ng propesor na nailathala sa anyo ng aklat, pahayagan, dyornal, magasin, talumpati, panunuring aklat, dula at tesis masterado.
- ¹⁷ Tingnan ang Gabriel F. Fabella, "The Assassination at Cabanatuan," *This Week* 8 (Sunday Magazine of the Manila Chronicle) no. 27 (July 5, 1953): 6-8 at Gabriel F. Fabella, "Bonifacio and Aguinaldo," *This Week* 8 (Sunday Magazine of the Manila Chronicle) no. 20 (May 17, 1953): 4-5, 25.
- ¹⁸ Para sa kabuuang nilalaman ng resolusyon, tingnan ang Celedonio Ancheta, "The Man Who Fathered June 12 for Our Independence Celebration," *Historical Bulletin* 6, no. 2 (June, 1962): 193-196.
- ¹⁹ Tingnan din ang Kristoffer R. Esquejo, "Father of June 12: An Appraisal," *Philippine Daily Inquirer* (June 15, 2008): A16.
- ²⁰ R.R. San Diego, "Gabriel F. Fabella, Father of Philippine Independence Day," *UP Newsletter* (February 8, 1982).